Abril 12 **Bigyang-Halaga ang Iyong Katuwiran**

“Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila ay bubusugin” (Mateo 5:6)

* * *

Relasyon mo sa Diyos ang siyang sukatan ng iyong katuwiran.

Ang ibig sabihin ng “katuwiran” ay “maging tama sa harap ng Diyos.” Kapag ikaw ay nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, maalab mong nanaisin ang isang nagpapatuloy at lalong-lumalagong relasyon sa mismong Diyos.

Ang katuwiran ay nagsisimula sa kaligtasan at nagpapatuloy sa pagbabanal. Pagkatapos mo lamang iwanan ang lahat ng pagmamatuwid at magutom sa kaligtasan ay saka pa lamang mararanasan ang paglilins sa kasalanan at maging matuwid kay Cristo. Kaya naman pagkatapos ay lalakbayain mo na ang isang pang-habang-buhay na paraan ng pagiging kasing matuwid ni Cristo — isang paraan na matatapos kapag ikaw ay ganap nang naluwalhati sa Kanyang harapan (Rom. 8:29-30; 1 Juan 3;2). Lagi namang kailangan ang pag-unlad sa buhay na ito (Filipos 3:12-14), subalit ang kasiyahan ay nakakamit sa pakikipag-ugnayan kay Cristo at paglago sa Kanyang biyaya.

Malalaman mo kung ikaw ay nagugutom at nauuhaw sa katuwiran sa pamamagitan ng pagtanong sa sarili ng mga ilang simpleng tanong. Una. Ikaw ba’y di nasisiyahan sa iyong kasalanan? Ang sariling kasiyahan ay imposible kung namamalayan mo ang iyong kasalanan at ikaw ay namimighati kapag di naaabot ang banal na pamamatayan ng Diyos.
Ikalawa, nagbibigay kasiyahan ba ang mga panlabas na bagay sa iyong mga malalalim na hangarin? Ang isang taong gutom ay di masisiyahan hangga’t di siya kumakain. Ang isang taong uhaw ay di masisiyahan hangga’t di siya umiinom. Kapag ikawa ay nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, tanging katuwiran lamang ng Diyos ang makapagbibigay ng kasiyahan sa iyo.

Ikatlo, may gana ka ba sa Diyos? Ang mga taong gutom ay hindi na kailangan pang sabihan na kumain. Ito’y kusang-loob! Ang espirituwal na kagutuman ay magtutulak sa iyong kumain sa Salita upang matuto kung ano ang sinasabi ng Diyos tungkol sa paglago sa katuwiran.

Ikaapat, ikaw ba’y kuntento sa gitna ng mga kahirapan? Ang isang kaluluwang nagugutom ay kuntento sa pasakit na dinaras, sapagkat nakikita niya na ang bawat pagsubok ay paraan lamang ng Diyos upang magturo ng mas lalong higit na katuwiran. Sa tuwing ikaw ay magagalit o maiinis kapag may nangyayaring di mo gusto, hangad mo lamang ay panlabas na kaligayahan.

Panghuli, ang iyo bang gutom at uhaw ay may pasubali? Ang binatang mayaman at pinuno sa Mateo 19 ay alam niyang may kahungkagan ang kanyang buhay subalit hindi niya handang bitiwan ang lahat ng kanyang ari-arian. Ang kanyang pagkagutom ay may pasubali. Ganap na bibigyang kasiyahan ni Cristo ang bawat pananabik ng iyong puso, at gayun din naman ikaw ay laging maghahangad ng higit Niyang katuwiran. Iyan ang pinagpalang kabalintunaan ng pagkagutom at pagkauhaw sa katuwiran.

* * *

Mga Suhestiyon para Ipanalangan: Basahin ang Awit 112 bilang isang himno ng papuri sa Diyos.

Para sa Dagdag na Pag-aaral: Basahin ang mga sumusunod na talata, punahin kung paano binigyang kasiyahan ng Diyos ang mga nagtitiwala sa Kanya: Awit 34:10; 107:9; Isaias 55:1-3; Juan 4:14; 6:35.